


Lola Mila

Ms. Oli



**Matanda na si Lola Mila.
Maputi na ang kanyang
buhok. Kulubot na ang
kanyang balat
ngunit malakas pa siya.
Mapagmahal si Lola Mila.**

Bituin sa Langit

Ms. Oli



**Maraming bituin sa langit.
Kumikislap-kislap ang mga ito.
Napakalayo sa atin
ng mga bituin. Hindi natin kayang
abutin. Hindi rin natin kayang
bilangin.**

Bahay ni Mira

Ms. Oli



Nakatira si Mira sa munting bahay. Ang kanilang bahay ay may bubong. May isang pintuan. May dalawang bintana. Munti man ito ay napakalinis ng bahay ni Mira.

Ms. Oli

Ibon ni Miko

Ms. Oli



May alagang ibon si Miko.

Ito ay isang loro.

Makukulay ng balahibo nito.

**Marunong lumikha ng iba't-ibang
tunog ang loro kaya manghang-
mangha si Miko.**

Aking Aso

Ms. Oli



**Ako ay may alagang aso.
Ang pangalan niya ay Jojo.
Lagi ko siyang kasama
kahit saan ako magpunta.
Makulit ngunit napakabait na aso
ni Jojo.**

Si Ana

Ms. Oli

**Gising na si Ana at
tumayo na siya.**

Inayos niya ang kama.

**Lumabas siya sa silid at
naghilamos na.**

**Pagkatapos nag-agahan
pumasok siya sa paaralan.**

